
2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid Unang**
**Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa mga may-akda.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruby Anne S. Dinglasan

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Ruby Anne S. Dinglasan

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ___________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto sa mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagsasabi ng mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa patalastas, kuwentong kathang-isip o teksto hango sa tunay na pangyayari.

## *Subukin*

Panuto: Piliin ang angkop na mensaheng nais ipabatid sa sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Nais ng nakababatang kapatid mo na maligo sa *pool* pero naglalaro ka pa ng gadyet mo. May nabasa kang; "Huwag pabayaang maligo mag-isa ang mga bata sa *pool*." Ano ang ibig sabihin nito?
   a. Samahan ng mas nakakatanda kapag maliligo sa *pool*.
   b. Hayaang maligo mag-isa ang bata.
   c. Maligo kasama ang mas nakababatang mga kapatid.
   d. Pasamahan sa mga kaibigan.

2. Nagyayang mamasyal ang iyong kaibigan sa isang Mall na maraming mabibili at maraming kainan. Naalala mo nabanggit sa isang aralin ng iyong guro na "Tangkilikin ang sariling produkto." Ano ang ibig sabihin nito?
   a. Kumain sa restawran ng mga Intsik.
   b. Bumili ng gawa ng ibang lahi.
   c. Magpabili ng mga **imported** na damit.
   d. Bilhin ang mga gawa sa sariling bayan.

3. Habang nagmamaneho ang tatay mo may nabasa ka sa daan na "Mag-ingat sa pakurbadang linya." Ano ang mensaheng nais ipabatid?
    a. Patakbuhin nang mabilis ang sasakyan.
    b. Bagalan ang takbo ng sasakyan.
    c. Bumusina habang tumatakbo ang sasakyan.
    d. Ihinto ang sasakyan.

4. Kakain kayo ng pamilya mo sa restawran ngunit pagpasok sa pinto ay nabasa mo ang; "Basa ang sahig." Ibigay ang ibig sabihin ng nabasa.
    a. Magpadulas sa sahig.
    b. Iwasan ang basang sahig.
    c. Tumalon sa basang sahig.
    d. Maglaro sa basang sahig.

5. Pumunta si Ben sa bahay ng kaklase niya para manghiram ng aklat. Nakita niya na may nakalagay sa bakuran na "Mag-ingat sa aso." Ano ang ibig sabihin nito?
    a. Makipaglaro sa aso.
    b. Pakainin ang aso.
    c. Huwag pumasok dahil may aso.
    d. Batuhin ang aso.

# Aralin 4 Pagsasabi ng Mensaheng Nais Ipabatid

Sa araw-araw ay marami tayong mga impormasyon na nababasa, napapanood at naririnig. Maging sa pamamasyal ay may nakikita tayong mga paalala na nakapaskil sa paligid. Napakahalaga na ating maunawaan ang mensaheng hatid ng bawat impormasyon. Nagsisilbi itong gabay at paalala sa mga dapat nating gawin.

## *Balikan*


Iguhit ang ☺ sa patlang kung ang mensaheng sinasabi ng pahayag ay kasiya-siya at ☹ naman kung hindi.

______1. Tumulong sa mga proyektong pangkalinisan sa barangay.
______2. Magtapon ng basura sa ilog.
______3. Inihiwalay ang nabubulok sa di-nabubulok na basura.
______4. Takpan ang basurahan upang hindi mangamoy.
______5. Kumain ng prutas at gulay.

## *Tuklasin*

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging masunurin. May mga babala at paalala tayong dapat na sinusunod. Basahin ang kuwento.

### Mga Paalala




Isang hapon, naisipang dumalaw ni Allan sa puntod ng kanyang lola kasama ang kaibigang si Kit. Masaya silang nagkukuwentuhan habang naglalakad papasok sa **Memorial Park**. Sila ay biglang huminto nang mapansin ang mga nakasulat na paalala sa paligid.

| |
|---|
| Bawal tapakan ang damo at putulin ang mga halaman. |
| Bawal pumitas ng mga bulaklak. |
| Itapon ang basura sa tamang lalagyan. |

Natuwa ang magkaibigan nang makarating sila sa puntod. Iniwasan nilang masira ang mga halaman at itinapon nila ang kanilang kalat sa basurahan.

## *Suriin*

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sino ang magkaibigan sa kuwento? ________________________
2. Bakit sila pumunta sa Memorial Park? ______________________

   ________________________________________________________
3. Kung ikaw ang isa sa magkaibigan, iiwasan mo rin bang masira ang mga halaman? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ________________________________________________________
4. Ano ang mensahe ng kuwento?

   ________________________________________________________


   ________________________________________________________

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga babala o paalala na nakikita natin sa mga pampublikong lugar.

| **Babala / Paalala** | **Mensahe** |
|---|---|
| Tumawid sa tamang tawiran | Tumawid sa inilaan na tawiran o **pedestrian lane**. |
| Bawal tumambay dito | Hindi maaring manatili sa lugar. |
| Mag-ingat sa aso | Umiwas at baka makagat ng aso. |
| Bawal magsulat sa pader/dingding | Hindi dapat sulatan ang pader o dingding |
| Bawal manigarilyo | Hindi maaaring magsindi ng sigarilyo. |
| Bawal magsugal | Hindi maaaring maglaro ng baraha o iba pang sugal. |

***Mga Tala para sa Guro***


Gabayan ang mag-aaral sa mga sumusunod na Gawain. Ipagawa ang mga pagsasanay sa mag-aaral.



# *Pagyamanin*


## Pinatnubayang Pagsasanay 1

<u>Panuto</u>: Piliin ang letra ng angkop na mensaheng sinasabi ng larawan.

_____1.  A. Laging maghugas ng kamay.

_______2.  B. Magsuot ng *facemask* kapag lalabas ng bahay.

_____3.  C. Dumistansiya sa kapwa para maiwasan ang sakit na **COVID**.

______4.  D. Manatili sa bahay upang maiwasan ang sakit na lumalaganap.

______5.  E. Kung inuubo o may sakit magsuot ng *facemask*.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

<u>Panuto</u>: Tukuyin ang mensaheng nais ipabatid ng sumusunod na larawan. Isulat ang titik ng iyong sagot sa patlang.

a. tumawid sa tamang tawiran
b. bawal umihi
c. bawal pumarada
d. bawal manigarilyo
e. bawal magtapon

1.  ______

2.  _____

3.  _____

4.  _____

5.  _____

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

<u>Panuto</u>: Basahin ang maikling kuwento at ibigay ang mensaheng nais ipabatid. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Isang hapon, nagsabi ang nanay na aalis siya sandali para bumili ng ulam sa palengke kaya inutusan niya si Ben na bantayan ang kanyang nilulutong sinaing. Maya maya tinawag ng kalaro si Ben at nakalimutan niya ang bilin ng kanyang ina dahil dito nasunog ang sinaing.Galit na galit ang nanay ni Ben sa nangyari.

   a. Nagalit ang nanay ni Ben dahil naglalaro si Ben nang umuwi ang nanay.
   b. Nagalit ang nanay ni Ben dahil maaaring masunog ang kanilang bahay.
   c. Nagalit ang nanay dahil may nakaaway siya sa palengke.
   d. Nagalit ang nanay dahil walang kalaro si Ben.

2. Masayang naglilinis ang magkakapitbahay sa kanilang paligid nang dumating si Kapitana Paola. May nagwawalis, naghahakot ng basura at nagtatabas ng damo. Mabilis nilang natapos ang gawain kaya natuwa si Kapitana Paola at binigyan sila ng meryenda.

   a. Nagiging madali at magaan ang gawain kung nagtutulungan.
   b. May libreng meryenda kapag nagtrabaho.
   c. May oras ng kasiyahan.
   d. Magagawa ang gawain kung may nakabantay

3. Nagkukuwentuhan habang bumibili ng meryenda sa kantina ang magkaklaseng sina Ana at Kass. Naalala ni Kass ang sabi ng nanay niya na kumain ng masustansiyang pagkain kaya bumili siya ng nilagang saging at nilagang itlog.

   a. Kumain ng **junk foods**.
   b. Kumain ng mga kendi.
   c. Kumain ng masustansiyang pagkain.
   d. Kumain ng **imported na pagkain**.

4. Ikapito ng gabi, tapos nang kumain ng hapunan ang Pamilya Dinglasan. Inaantok na si Nikki ngunit nais pa ng kapatid niya na manood ng telebisyon. Naalala ni Nikki ang paalala ng guro na mag-aral ng leksiyon dahil mayroon silang pagsusulit.

   a. Makipaglaro sa kapatid.
   b. Basahin at pag-aralan ang mga aralin.
   c. Manood ng telebisyon hanggang hatinggabi.
   d. Makipagkuwentuhan sa pamilya

5. Pagkatapos kumain, si Roda ang naatasan na magligpit ng pinagkainan dahil maglalaba pa ang nanay niya ng mga damit. Nais mo sanang lumabas para mamasyal sa parke kasama ang iyong mga kaibigan.
   a. Itapon sa basurahan ang pinagkainan.
   b. Maghain ng mga pagkain sa lamesa.
   c. Linisin ang lamesa at hugasan ang mga plato.
   d. Makipagtulungan sa mga kaibigan

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin at piliin ang mensaheng nais sabihin ng mga babala at paalala. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Bawal ang mang-*bully* ng kapwa.

a. huwag makipag-away
b. makipaglaro sa kapwa bata
c. tulungang batuhin ang kaklase
d. tuksuhin ang bata

_____2. Bawal tumakbo sa tabi ng *swimming pool*.

a. huwag makipag-away
b. makipaglaro sa kapwa bata
c. tulungang batuhin ang kaklase
d. iwasan ang pagtakbo

_____3. Bawal tumambay dito.

a. huwag makipag-away
b. makipaglaro sa kapwa bata
c. huwag manatili sa lugar
d. tuksuhin ang bata

_____4. Ingatan ang inyong mga importanteng gamit.

a. huwag makipag-away
b. makipaglaro sa kapwa bata
c. bantayan ang mahalagang gamit
d. tuksuhin ang bata

___5. Panatilihin ang katahimikan sa silid-aklatan.

a. iwasan lumikha ng ingay
b. makipaglaro sa kapwa bata
c. tulungang batuhin ang kaklase
d. tuksuhin ang bata

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat sa patlang ang **P** kung ang mensaheng nais sabihin ay paalala at **B** naman kung babala.

______1.Palaging maghugas ng kamay.

______2. Bawal magtapon ng basura.

______3. Bawal tumambay dito.

______4. Magsuot ng facemask paglabas ng bahay.

______5. Tumawid sa tamang tawiran.

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Iguhit ang  kung ang sinasabi ay babala at  naman kung paalala.

_______1. Pumila bago pumasok.

_______2. Bawal magtinda rito.


_______3. Huwag harangan ang daan.

_______4. Bawal magbaba at magsakay.

_______5. Bawal pumitas ng bulaklak.

## Malayang Pagsasanay 2

<u>Panuto</u>: Hanapin sa Hanay B ang mensaheng nais ipabatid ng mga simbulong nasa Hanay A. Piliin ang letra ng tamang sagot.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. |  | a. madulas ang daan kapag basa |
| 2. |  | b. may kapansanan |
| 3. |  | c. mapanganib nakakakuryente |
| 4. |   | d. iwasan ang pagbusina |
| 5. |  | e. mag-ingat sa paghakbang |

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na mensaheng nais iparating ng sumusunod na sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| |
|---|
| a. maging matapat<br>b. pangalagaan ang mga halaman<br>c. matutong maghiwalay ng basura<br>d. panatilihin ang kalinisan<br>e. umuwi ng maaga sa bahay |

1. Nakita ni Nikka ang magandang bulaklak sa parke. Gusto niya itong pitasin ngunit nabasa niya sa karatula ang “Bawal pitasin ang mga bulaklak” kaya masaya na lang niya itong pinagmasdan.

2. Nagpapatupad ng kalinisan sa parke. Nabasa mo ang “Bawal magkalat.”

3. Nakagawian mo na ang pagpunta sa bahay ng iyong kaklase tuwing uwian para makipaglaro. Habang ikaw ay naglalakad sa daan ay nakita mo ang paalala, “**Curfew** ng mga kabataan: Ikapito ng gabi.”

4. Unang araw ng klase may napulat kang pera sa inyong silid-aralan at inilagay mo iyon sa “**Lost and Found**.”

5. Isa sa ordinansa ng barangay ang paghihiwalay ng mga basura na nabubulok at di-nabubulok. Inilagay ni Roy ang balat ng mga prutas sa nabubulok.

# *Isaisip*

Panuto: Ayusin ang mga letra ng mga ginulong salita sa kaliwa upang makabuo ng salita na angkop sa pangungusap. Tignan ang pahiwatig na mga titik sa kanan.

1. **A B A B A L : B _ _ _ _ A**

Ang ________ ay inilalagay upang mapalayo sa sakuna o pinsala na maaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.

2. **A L A A P L A : P _ _ _ _ _ A**

Ang _____________ ay ginagamit upang bigyang-diin ang mga mahahalagang impormasyon na ipinapatupad. Ito ay paalala ng dapat gawin ng tao.

3. **H A P A I M A G A Y : M _ _ _ _ _ _ _ _ G**

Upang mas maunawaan at ____________ nang maayos ang nabasang babala o paalala na nakikita sa mga pampublikong lugar mahalagang sundin ang mga ito.

4. **M A S Y O N P O R I M : I _ _ _ _ _ _ _ _ _ N**


Basahin at unawaing mabuti ang nababasang ________________.


5. **H A N A T O T O M A KA N : M _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ N**

Maging __________________. Huwag dagdagan o bawasan ang mga nabasa.

## *Isagawa*

<u>Panuto</u>: Pagmasdan mabuti ang larawan. Sumulat ng isa o dalawang pangungusap na may tamang mensahe na angkop sa mga larawan.







## *Tayahin*

<u>Panuto</u>: Piliin ang angkop na mensaheng sinasabi ng sumusunod na mga sitwasyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Itinatapon ng kapatid ko ang balat ng saging sa tamang basurahan kaya siya ay sumunod sa:
    a. Mag-segregate ng basura.
    b. Mag-ingat sa pagtawid.
    c. Bawal magtinda dito.
    d. Bawal umihi dito.

2. Nakita ko ang kaibigan ko na pinagsasabihan ang batang nagsusulat sa pader dahil sa babala na:

a. Mag-segregate ng basura
b. Bawal magsulat sa pader.
c. Tumawid sa tamang tawiran.
d. Bawal magtinda dito.

3. Tumitingin sa kaliwa't kanan ang mga tumatawid na tao sa daan upang maiwasan ang disgrasya kaya:

a. Mag-segregate ng basura.
e. Mag-ingat sa pagtawid.
f. Bawal umihi dito.
g. Bawal magtinda dito.

4. Hinuli nang pulis ang lalaking umihi sa kanto dahil sa:

h. Mag-ingat sa pagtawid.
i. Mag-segregate ng basura.
j. Pag ihi kung saan-saan.
k. Bawal magtinda dito.

5. Ang nagtitinda sa tabi ng simbahan ay hinuli dahil nilabag niya ang ordinansa ng barangay na:

l. Mag-segregate ng basura.
m. Mag-ingat sa pagtawid.
n. Bawal umihi kung saan-saan.
o. Bawal magtinda dito.

## *Karagdagang Gawain*

<u>Panuto</u>: Magbigay ng iba pang mensahe o paalala na maaaring makatulong sa inyong barangay upang lalo pa itong umunlad. Sumulat ng 5 mensahe o paalala sa mga kabarangay.

# *Susi sa Pagwawasto*

| **Subukin** | **Balikan** | **Suriin** | |
|---|---|---|---|
| 1. A<br>2. D<br>3. B<br>4. B<br>5. C | 1. ☺<br>2. ☹<br>3. ☺<br>4. ☺<br>5. ☺ | 1. Alan at Kit<br>2. Upang dalawin ang lola ni Alan<br>3. Opo, para hindi masira ang kalikasan<br>4. Dapat sundin ang mga babala o paalala para maiwasan ang gulo | |
| **Pagyamanin** | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay1** | **Pinatnubayang Pagtatasa 1** | **Pinatnubayang Pagsasanay 2** | **Pinatnubayang Pagtatsa 2** |
| 1. C<br>2. E<br>3. A<br>4. B<br>5. D | 1. D<br>2. E<br>3. A<br>4. C<br>5. B | 1. B<br>2. A<br>3. C<br>4. B<br>5. C | 1. A<br>2. D<br>3. C<br>4. C<br>5. A |
| **Malayang Pagsasanay 1** | **Malayang Pagtatasa 1** | **Malayang Pagsasanay 2** | **Malayang Pagtatasa 2** |
| 1. P<br>2. P<br>3. P<br>4. P<br>5. B | 1. ❤<br>2. ❤<br>3. ⃠<br>4. ⃠<br>5. ❤ | 1. E<br>2. D<br>3. B<br>4. C<br>5. A | 1. B<br>2. D<br>3. E<br>4. A<br>5. C |
| **Isaisip** | **Isagawa** | **Tayahin** | **Karagdagang Gawain** |
| 1. BABALA<br>2. PAALALA<br>3. MAIPAHAYAG<br>4. IMPORMASYON<br>5. MAKATOTOHANAN | Maghiwalay ng basura upang mapangalagaan an gating kalikasan.<br><br>Magtanim ng mga puno upang makatulongsa ating kalikasan | 1. A<br>2. B<br>3. B<br>4. C<br>5. D | (Suriin ang mga paalalang isinulat ng mag-aaral) |

## *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph